Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA 28 NG ENERO, 2004, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA 9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ........... | PANG. PUNONG BAYAN<br>*Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ........... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........... | Kagawad |
| Kgg. Punla P. Sarmiento | ........... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........... | Kagawad - ABC |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........... | Kagawad - SK |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ........... | Kagawad<br>*Nasa lakad opisyal* |

KAPASIYAHAN BLG. 019-T'04

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG ITO NG BARANGAY SAN PABLO SUR, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG MILYON ISANGDAAN APATNAPU'T WALONG LIBO TATLONGDAA'T LIMAMG PISO AT PITUMPUNG SENTIMOS (P1,148,305.70)*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 41-T'04 - *Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 01-T'04 ng Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur* na nagpapatibay sa taunang badyet para sa taong 2004 ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng pamahalaang bayan

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sang. Brgy. ng San Pablo Sur

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Mike Jomel M. Ombico at Angelito U. Limjuco, at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*, Na pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong ito ng Barangay San Pablo Sur, bayang ito, na nagkakahalaga ng P1,148,305.70

*INIUUTOS*, Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagasuri at Sang. Brgy. ng San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY*.

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan